Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)
**PARAÑAQUE**

# FILIPINO 7

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**
**Manunulat:** Mark Lester S. Salut
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** Mark Lester S. Salut
**Manunulat/Tagalapat ng LAS:** Zoren B. Nazareno
**Tagasuri ng Nilalaman:** Dr. Edwin S. Doria/ Jojo T. Dela Reyna
**Tagasuri ng Wika:** Jojo T. Dela Reyna/ Byron M. Suriaga
**Tagapamahala:** Malcolm S. Garma, Regional Director- NCR
Evangeline P. Ladines, CESO V- Schools Division Superintendent
Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR
Dr. Bernardo N. Mascarina- CID Chief Parañaque City
Ma. Gloria G. Tamayo, EPS Filipino- NCR
Dr. Edwin S. Doria, EPS Filipino SDO Parañaque City
Dennis M. Mendoza, LR EPS- NCR
Dr. Rodel C. Apostol, LRDMS Parañaque City
Nancy Mabunga, Librarian – NCR
Katreena A. Baluyot, Librarian – SDO Parañaque City

**(Ito ay Pagmamay-ari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili.)**

# ANG KORIDO AT ANG PANANAW NG MAY AKDA

## Inaasahan

Nailalahad ang sariling pananaw tungkol sa motibo ng may-akda at sa bisa ng bahaging binasa **F7PB -IVa - b -20**

Naibibigay ang kahulugan at mga katangian ng "korido" **F7PT -IVa - b -18**

## Unang Pagsubok

Bilang panimula, nais kong matukoy ang dati mong kaalaman sa paksang iyong matututuhan sa modyul na ito. Kaya naman, subukan mong sagutin ang gawaing aking inihanda.

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang pangungusap. Isulat sa patlang ang salitang PAG-ASA kung tama ang pahayag, at salitang PAGBANGON naman kung ito ay mali.

________1. Ang awit ay binubuo ng walong pantig sa bawat taludtod at apat na taludtod sa isang saknong .

________2. Ang mga tauhan sa korido ay may kapangyarihang supernatural o kakayahang magsagawa ng mga kababalaghan na hindi magagawa ng karaniwang tao.

________3. Ang awit at korido ay uri ng tulang romansa na nagbibigay-halaga sa diwang Kristiyanismo.

________4. *Andante* ang musika na ginagamit sa korido kaya ito ay mabagal.

________5. Kabayanihan at pakikidigma at paglalarawan sa buhay ang paksa ng korido.

## Balik-Tanaw


Gawain 1

A. Panuto: Basahin ang ilan sa mga sipi ng akda. Sa iyong sariling pananaw, ibigay ang motibo na nais iparating ng may-akda .

| SAKNONG | SARILING PANANAW |
|---|---|
| O Birheng Kaibig-ibig<br>Ina naming nasa langit,<br>Liwanagin yaring isip<br>Nang sa layo'y di malihis | 1. |
| Ako'y isang hamak lamang<br>Tong lupa ang katawan<br>Mahina ang kaisipan<br>At maulap ang pananaw | 2. |
| Pagkat di pa dumarating<br>Ang may-ari po sa akin,<br>Ayoko sa mga taksil<br>Na anak mong masasakim. | 3. |

Gawain 2

B. Gamit ang *graphic organizer,* isulat ang mga katangian ng korido na iyong nalalaman .



PULA: Ano ang karaniwang paksa nito?

DILAW: Ang sukat at tugma ng korido?

LUNTIAN: Ano ang himig ng korido at ilarawan ang mga tauhan nito ?

## Maikling Pagpapakilala sa Aralin

Malaki ang naging epekto at impluwensiya ng mga Espanyol sa Pilipinas. Mula sa pananamit,pananalita, pamumuhay at maging sa ating panitikan ay masasalamin pa sa kasalukuyan ang impluwensiyang ito.

Tatlo ang pangunahing layunin ng mga Espanyol sa pananakop sa Pilipinas. Una,upang palaganapin ang Katolisismo. Ikalawa ay ang pagpapalawak ng kapangyarihan sa pamamagitan ng pananakop na mga bansa. At ang huli ay paghahanap ng mga pampalasa, masaganang likas-yaman at hilaw na materyales upang matustusan ang kanilang pangangailangang pang-ekspidisyon.

Dahil sa layunin ng mga Espanyol na mapalaganap ang Katolisismo,sinunog nila ang mga nakasulat na panitikan ng ating mga ninuno at pinalitan nila ang mga ito ng panitikang nagbibigay-diin sa pananampalatayang Kristiyanismo. Lumaganap sa larangan ng panulaan ang mga tulang liriko, mga awit at korido maging ang pasyon. Sa larangan naman ng drama ay namayani ang duplo, karagatan, komedya o moro-moro, mga dulang panrelihiyon, senakulo at sarsuwela.

Naging mabisang behikulo ang panitikan upang mabilis na mapalaganap ang relihiyong Katolisismo sa bansa. Isa sa pinakatanyag na uri ng panitikang nagbibigay-halaga sa diwang Kristiyanismo ay ang mga **Tulang Romansa** na nauuri sa dalawang anyo- ang **awit** at **korido**. Madalas ang mga akdang ito ay nagsisimula sa panalangin o pag-aalay sa Birhen o sa isang santo. Kalimitan ito ay patungkol sa pakikipagsapalaran at kabayanihan , karaniwang kinasasangkutan ng mga prinsipe at prinsesa at mga maharlikang tao kung saan ang pangunahing tauhan ay nagtatagumpay dahil sa kanyang mataimtim na pananalig at matiyagang pagtawag sa Diyos.

Dahil lubhang mahigpit ang sensura noong panahon ng mga Espanyol, hindi lahat ng mga akdang pampanitikan ay maaaring maisulat at mailathala lalo pa kung ito ay laban sa kanilang pamamahala . Ngunit dahil sa temang sinasaklaw ng awit at korido,ang mga ito ay namayani at higit na nakilala ng marami.

Ang awit at korido ay maaring uriin gamit ang sumusunod na pamantayan ayon sa aklat na *Panitikanng Pilipino* ni Arthur Casanova.

| Pagkakaiba ng Awit at Korido | | |
|---|---|---|
| *Pamantayan* | *Awit* | *Korido* |
| Batay sa Anyo | Binubuo ng 12 pantig sa loob ng isang taludturan,4 na taludtod sa isang saknong | Binubuo ng 8 pantig sa loob ng isang taludtod at 4 na taludtod sa isang saknong |
| Musika | Ang himig ay mabagal na tinatawag na *andante* | Ang himig ay mabilis na tinatawag na *allegro* |
| Paksa | Tungkol sa kabayanihan at pakikidigma at larawan ng buhay | Tungkol sa pananampalataya, alamat ay kababalaghan |
| Katangian ng mga Tauhan | Ang mga tauhan ay walang taglay na kapangyarihang *supernatural* ngunit siya ay nahaharap din sa pakikipagsapalaran ngunit higit na makatotohanan o hango sa tunay na buhay | Ang mga tauhan ay may kapangyarihang *supernatural* o kakayahang magsagawa ng mga kababalaghan na hindi magagawa ng karaniwang tao |
| Mga Halimbawa | *Florante at Laura, Pitong Infantes De Lara, Doce Pares ng Pransya, Haring Patay* | *Ang Ibong Adarna, Kabayong Tabla, Ang Dama Ines, Prinisipe Florinio* |

## Gawain

Ngayon na nalaman mo na ang mga katangian, pagkakaiba at pagkakatulad ng korido at awit, subukan mong sagutin ang mga gawain na may kaugnayan sa iyong natutuhan.

Gawain 1

**A. Panuto**: Basahin ang siping bahagi ng akda. Ibigay ang sariling pananaw , kung ano ang nais iparating ng may-akda. Magbigay ng iyong karanasan sa buhay na may kaugnayan sa ipinahihiwatig ng halimbawang bahagi ng akda. Isulat ang sagot sa patlang.

Kaya,Inang matangkakal
Ako'y iyong patnubayan
Nang mawasto sa pagbanghay
Nitong kakathaing buhay.

Pananaw:__________________
__________________________

Kaya pa ba ang mga anak
Pati ng reynang liyag,
Dalamhati'y may bagabag
Araw-gabi'y may bagabag

Pananaw:__________________
__________________________

**B. Panuto:** Tukuyin kung awit o korido ang inilalarawan ng pangungusap. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Mabilis ang pagbigkas na tinatawag na *allegro.* ________
2. Ang pangunahing tauhan ay walang kapangyarihang supernatural.________
3. Ilang halimbawa nito ayang akdang Ibong Adarna, Prinsipe Orentis at Dama Ines.______
4. Binubuo ng 12 pantig sa bawat taludtod.________
5. Tungkol sa pananampalataya, pag-ibig at pakikipagsapalaran ng isang bayani ang paksa nito.________

## Tandaan

Ang **korido** at **awit** ay mga tulang romansa na namayagpag sa panahon ng Espanyol. Ito ay parehong tulang pasalaysay na paawit ang pagbigkas.Kapwa may sukat at tugma at binubuo ng apat na taludtod sa bawat saknong. Ang karaniwang paksa ay kapwa tungkol sa pag-ibig, buhay at pakikipagsapalaran ng isang bayani.

## Pag-alam sa Natutuhan:

Naniniwala Ako!

Gawain 1

A. Panuto: Dugtungan ang mga pahayag upang mabuo ang diwa ng pahayag.

- Naniniwala ako na ang korido ay____________________________
  ________________________________________________________.
- Naniniwala ako na ang  motibo ng may akda ay _______________
  ________________________________________________________.

Gawain 2

B. Panuto: Humanap ng isang saknong sa akdang Ibong Adarna at ibahagi ang iyong pananaw sa pamamagitan ng pagsulat ng isang sanaysay tungkol sa motibo ng may-akda. Gamiting gabay ang rubrik.

| **Pamantayan sa Pagmamarka** | **Puntos** |
|---|---|
| Naipaliliwanag nang malinaw ang motibo ng may-akda sa bahaging napili | **5** |
| Malinaw at magkakaugnay ang ideya sa sanaysay | **3** |
| Gumamit ng wastong baybay ng mga salita, mga bantas, maging mapanuri sa paggamit ng  maliit at malaking letra | **2** |
| Kabuoang Puntos | **10** |

## Pangwakas na Pagsusulit

**Para sa bilang 1-5**

A. **Panuto**: Tukuyin kung awit o korido ang inilalarawan ng pangungusap. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Ito ay may mabagal na paawit na bigkas.___________

2. Isa sa mga halimbawa nito ay Ibong Adarna.________

3. Binubuo ng walong pantig sa bawat taludtod.________

4. Ang paksa nito ay tungkol sa mga bayaning mandirigma.________

5. Mga makapangyarihang *supernatural* ang tauhan dito.__________

**Para sa bilang 6-10**

**B. Panuto:** Tukuyin ang motibo ng may-akda sa mga siping bahagi na ito.

6. "O Don Juan, bakit baga
Hanggang ngayon ay wala ka
Di mo kaya natatayang
Dito ay hinihintay ka

a. malakas ang loob
b.pag-aalala sa anak
c. pagtatakwil sa anak
d.pagiging suwail

7. "O Birheng Kaibig-ibig,
Ina naming nasa langit
Liwanagin yaring isip
Nang sa layo'y di malihis

a. paghingi ng gabay sa Diyos
b. pagsasawalang bahala
c. pagiging mahina
d. pagpapakumbaba

8. "Tibayan ang kalooba't
Dagdagan ang kabaitan
Taong nagpapakabanal
Huwag pagmalaswaan

a. maging mapaghiganti
b. maging mapagkumbaba
c. maging mabuting tao
d. mapagparaya

9. "Di ko maubos-isipin
Kapatid ko ay nagtaksil
Kung sa ibon po ang dahil
Kanila na't di na akin

a. pagdadamayan ng magkakapatid
b. pagmamahalan ng magkakapatid
c. ang pag-aaway ng magkakaptid
d. ang pagtataksil ng magkakapatid

10. Sa akin po ay ano na
Sinadlak man nga sa dusa
Kung may daan pang magkita
Pag-ibig ko'y kanila pa

a. pagpapatawad
b.pagtataksil
c. paghihiganti
d. galit at poot

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**

1. PAGBANGON
2. PAG-ASA
3. PAG-ASA
4. PAGBANGON
5. PAGBANGON

**Balik-tanaw**

**A.**

1. Ipakita na ang pananalig sa Diyos ay makatutulong sa anumang layunin
2. Maipakita ang pagpapakumbaba
3. Pagpapakita ng pagdadamayan ng pamilya

**Gawain A**

Suriin at iwasto ang sagot ng mag-aaral.

1. Paghingi ng gabay sa Diyos sa mga plano sa buhay
2. Pag-aalala ay pagdamay sa isang kapamilya

**Gawain B**

1. Korido
2. Awit
3. Korido
4. Awit
5. Korido

**Pangwakas na Pagsusulit**

| | |
|---|---|
| 1.Awit | 6.B |
| 2.Korido | 7.A |
| 3.Korido | 8.C |
| 4.Awit | 9.D |
| 5.Korido | 10.A |

**Balik-tanaw**

**B.** (Tanggapin ang wastong sagot ng mga mag-aaral sa kaniliang dating kaalaman.)

**Pag-alam sa Natutuhan**

**A.** (Halimbawang Sagot)

| |
|---|
| Naniniwala ako na ang korido ay malaki ang naitulong sa pagpapalaganap ng katolosismo |
| Naniniwala ako na ang nais iparating ng may-akda ay ang pananalig sa Diyos |

**B.** (Tanggapin ang wastong sagot ng mga mag-aaral.)

**Sanggunian**

Baisa-Julian, A. et.al (2017). Pinagyamang Pluma (Ikalawang Edisyon). Phoenix Publishing House.

Festin, R., Correa, R. (2018). Baybayin (Paglalayag sa Wika at Panitikan). Rex Book Store.